


# Sisimulan na ang Online call (Zoom)

**Dagdag pa sa konsultasyon sa telepono at email sa sariling wika, magagamit na rin ang web meeting system na Zoom para sa online voice consultation. Kahit na wala kayong numero o linya ng telepono, maaari kayong kumonsulta gamit ang internet kapag may Wi-fi sa paligid.**
**Sumusuporta kami sa walong wika, kaya't huwag mag-atubili na kumonsulta sa amin.**
**（Vietnamese, Chinese, Indonesian, Filipino, English, Thai, Cambodian, Myanmar)**
***Kinakailangan na mayroon na kayong email address. At kung smartphone o tablet ang gagamitin, kailangan ninyong i-download ang Zoom app.**
***Hindi kailangang magbayad.**
***Tatanngapin lamang ang konsultasyon sa voice call kung naka-off ang web camera.**
***Mag-uumpisa sa April 12 (Miyerkoles).**

## Proseso ng Online Call sa Zoom

**①Punuan ang kinakailangang impormasyon sa consultation form sa sariling wika ng Organisasyon para sa Technical Intern Training (OTIT) at magpadala ng email sa pagpapayo sa sariling wika. (https://www.support.go.jp/soudan/phi/)**
**＊Para sa email, maaaring gamitin ang libreng email tulad ng Gmail at Outlook.**
**②Para sa araw at oras ng konsultasyon, makipag-ugnayan sa Serbisyo ng Pagpapayo sa Sariling wika sa pamamagitan ng email at tumanggap ng gabay sa URL, ID, at passcode ng online meeting room.**
**＊Ang araw at oras ng konsultasyon ay ang araw at oras ng konsultasyon na available ang konsultasyon sa sariling wika.**
**③I-download at i- install ang Zoom app "Zoom Cloud Meeting".**
**＊Hindi kinakailangan na magpa-rehistro ng account.**
**④a araw at oras ng konsultasyon, i- access ang Zoom online meeting room mula sa URL at simulant ang call consultation.**
**⑤Maaari rin na mag-sumite ng electronic data tulad ng images at video sa panahon ng konsultasyon.**
**◆Suportadong araw at oras para sa konsultasyon sa sariling wika**

| Suportadong wika | Araw ng konsultasyon | Oras ng konsultasyon |
|---|---|---|
| Vietnamese | Monday - Saturday | Mon.- Fri. 11:00～19:00<br>Sat. ・ Sun. 9:00 - 17:00 |
| Chinese | M ・ W ・ F ・ S | |
| Indonesian | Mon. ・ Thurs. | |
| Filipino | T ・ TH ・ S | |

| Suportadong wika | Araw ng konsultasyon | Oras ng konsultasyon |
|---|---|---|
| English | T ・ TH ・ S | Mon. – Fri. 11:00～19:00<br>Sat. ・ Sun. 9:00～17:00 |
| Thai | Thurs. ・ Sun. | |
| Cambodian | Thursday | |
| Myanmar | Tuesday | |

【Mga puntong dapat isaalang-alang tungkol sa mga konsultasyon sa pamamagitan ng mga online call】
●Communication charges (packet charges) at iba pang bayad sa online calls ay sasagutin ng user.
●Responsibilidad mo ang anumang trouble na related sa Internet na maaring lumitaw kapag ginagamit ang online call.
●Anumang impormasyon na mak sa pamamagitan ng online calls ay ituturing na personal na impormasyon.
●Ang mga User ng online calls ay kinakailangan na sumunod sa ipinahayag sa "Terms ng Paggamit ng konsultasyon sa sariling wika sa pammagitan ng Online Calls".
*Bilang karagdagan, ang voice call consultation na suportado sa pamamagitan ng Facebook Messenger ay magtatapos na sa April 27, 2023.

■Makipag-ugnayan
OTIT
Organisasyon para sa Technical Intern Training
Guidance at Assistance Department　Tel: 03-6712-1965

## Terms of Use para sa konsultasyong online sa sariling wika

Upang magamit ang konsultasyon sa online call sa sariling wika(tutukuyin dito bilang "konsultasyong online") na inilaan ng organisasyon para sa teknikal na pagsasanay ng intern (tutukuyin dito bilang “ Ang organisasyon"), kinakailangang sumang ayon sa mga tuntunin at kondisyon. Dagdag dito, ayon sa Artikulo 6, kung nais gamitin, ituturing na ikaw ay sumang ayon sa tuntunin at paggamit.

Artikulo 1 (Layunin)
Bilang isang service provision method sa sariling wikang serbisyo ng pagpapayo sa sariling wika, kami ay magbibigay ng oportunidad na konsultasyong online.

Artikulo 2 (Target)
Ang konsultasyong online ay magagamit para sa mga matutugunan ang mga sumusunod na kondisyon.
(1) Mga teknikal intern trainees (kabilang na ang mga dating teknikal intern trainee)
(2) Mga ahente. sumusuporta, at iba pa. ng (1) (ayon sa tuntunin, mga dayuhang hirap makipagusap sa salitang hapon)
(3) Mayroong smartphone, PC at iba pa., at kayang maghanda ng kapaligiran na kailangan para sa konsultasyong online, gaya ng application software na gamit sa komunikasyon ng Artikulo 4.

Artikulo 3 (Bayad sa paggamit)
Ang konsultasyong online ay libre. Ngunit, ang bayad sa kagamitang pang komunikasyon, bayad sa komunikasyon at iba pa para sa paggamit ng konsultasyong online ay babayaran ng taong gumagamit ng konsultasyong online (tutukuyin dito bilang "user").

Artikulo 4 (Application software gamit sa komunikasyon)
Sa konsultasyong online, ang "ZOOM" ay ginagamit bilang komunikasyong online application software. Upang magamit ang konsultasyong online, kinakailangang sumang ayon sa "Tuntuning serbisyo ng ZOOM". Kung ikaw ay mag-apply para sa konsultasyong online at gamitin ito, ituturing na ikaw ay sumang-ayon sa tuntunin at paggamit.

Artikulo 5 (Usage environment)
Ang user na gumagamit ng konsultasyong online ay kinakailangan sa mga sumusunod na environment (device/koneksyon sa kapaligiran).
(1) Ang user ang kinakailangan gumamit ng device na walang paglabag sa seguridad gaya ng virus infection.
(2) Ang device ng user ay kinakailangang konektado sa internet. (Ang pag gamit ng libreng koneksyon sa serbisyo ng internet atbp. na ang kumpidensyal at seguridad ay hindi alam, at ang mga status ng connection route managemet ay hindi alam, ay ipinagbabawal)

Artikulo 6 (Paggamit ng aplikasyon atbp.)
(1) Sa pagkuha ng reservation, ipinapakiusap na magbigay ng mga sumusunod na impormasyon.
Reserba para sa pangalawa at susunod na sesyon ay maaaring gawin habang nasa konsultasyong online.
1.Pangalan
2.Araw ng kapanganakan (YYYY/MM/DD)
3.Nais na araw at oras
4. Contact email address
(2)Pagkatapos makuha ang reserbang aplikasyon, kami ay makikipag- ugnayan ukol sa schedule at ipapaalam sa iyo ang araw at oras ng iyong konsultasyong online at URL na gagamitin.
(3)Kung sakaling may kanselasyon, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email. Karagdagan dito, kung 10 minuto ang lumipas simula ng pinatupad ang araw at oras ng (2) at walang kontak ito ay ikukunsiderang kanselado.
Kung kinansela ng hindi nakikipag-ugnayan sa amin, kami ay maaaring tumanggi sa mga darating pang konsultasyong online.

Artikulo 7 (Record ng paggamit atbp.)
(1) Upang pamahalaanan ang operasyon sa konsultasyong online, intindihin ang usage situation at pagbutihin ang convenience ng users. Ang organisasyon ay kumukolekta ng usage time sa konsultasyong online,
access history sa site atbp., at pagkakakilanlan ng impormasyon ng terminal device atbp. na ginamit ng user.
(2) Tungkol sa electromagnetic records ng binahagi ng user sa konsultasyong online, ang user ay sumasang-ayon na gamitin ang sinumiteng impormasyon para sa layunin ng business na ito, at pagturing bilang pag-sumite sa organisasyon.
(3) Ang organisasyon ay hindi dapat ibunyag ang recorded information alinsunod sa probisyon bago ang talata 1 na ang format ay maaaring malaman ang indibidwal na terminal devices.
Ngunit ito ay hindi tumutukoy kung ang ibinuyag o probisyon ay hiniling ng opisina ng gobyerno, ahensya ng pag-iimbistiga, atbp, base sa batas at regulasyon.

Artikulo 8 (Proteksyon sa sariling impormasyon)
(1) Ang personal na impormasyon ng user ay hindi maaring gamitin sa ibang layunin maliban sa layuning ng business na ito, o hindi maaaring ibunyag o ipaalam sa third parties, at ang kinakailangang hakbang ay gagawin para mapanatili ang pagiging kompidensyal.
(2) Ang user ay gagawa ng hakbang na inatas sa Article 12 (3) upang mapanatili ang pagiging kompidensyal.

Artikulo 9 (Disclaimer)
(1) Tungkol sa paggamit ng konsultasyon online, ang nasira ng user gamit ang communication environment na gamit ng user (kasama lahat ng terminals, linya, software, lugar ng paggamit atbp.), at user's third party, ay hindi pananagutan ng organisasyon , at hindi sila maaaring i-obliga na magbayad sa mga nasira.
(2) Ang organisasyon ay hindi mananagot ng ano mang damage na natamo ng user sa ano mang dahilan na maiuugnay sa organisasyon, gaya ng panlabas na cyber-atacks, sakuna, pagkawala ng kuryente atbp., na hindi kayang pigilan kahit na normal security measures ay ginawa. At ang organisasyon ay hindi obligado na bayaran ang mga nasira.

Artikulo 10 (Kabayaran sa nasira)
Kung ang organisasyon ang nagtamo ng damage bilang resulta sa paglabag ng user sa tuntuning paggamit, ang user ang magbabayad.

Artikulo 11 (Pagsunod sa batas, atbp.)
Sa pag gamit ng konsultasyong online, ang user ay kinakailangang sumunod sa tuntuning paggamit pati na din sa kaugnay na batas, ordinansya ng gobyerno, ordinansya ng minister, ordinansya, batas at utos, atbp.

Artikulo 12 (Iba pang punto na isasaalang-alang)
(1) Kung napag alaman na mayroong balakid sa tamang pagsasagawa ng konsultasyong online, gaya ng banta, mapang-abusong salita, o ibang layunin maliban sa trabaho, ang konsultasyon online ay maaring ma- kansela o tanggihan.
(2) Para sa konsultasyon online, pakiusap na maghanda ng pribadong silid o lugar na walang ibang tao upang mapanatili ang pagiging kompidensyal.
Kung ang interpreter, assistant, atbp. ay kinakailangang kasama, mangyari lamang na ipaalam sa amin ng maaga.
(3) Bago ang konsultasyon online, pakiusap na siguraduhin na ang aplikasyong tunutukoy sa Article 4 ay mayroon.

At siguraduhin na ang lugar na pang komunikasyon ay hindi makakabalakid sa konsultasyon online.Karagdagan dito, pakiusap na sundin ang tagubilin sa ibaba ukol sa terminals, atbp. , na gamit para sa konsultasyon online.

・Palaging i-update ang browsers at software na gamit sa konsultasyong online sa pinakabagong bersyon at i-apply ang pinakabagong patches.
(4) Lahat ng gastos sa komunikasyon habang sinasagawa ang konsultasyon online ay babayaran ng user. Maging maingat sa paggamit ng pay-as-you-go pricing.

Artikulo 13 (Pagbabago sa Terms of Use)
Ang organisayon ay may karapatan na baguhin ang tuntunin ng walang pahintulot ng user. Kung ikaw ay gumamit ng konsultasyong online pagkatapos ng pagbabago ng kasunduan, ipinapalagay na ikaw ay sang- ayon sa pagbabago.

Artikulo 14 (Governing law at agreed court of jurisdiction)
Batas ng Hapon ang iiral sa mga tuntunin na ito. Pagtatalo kaugnay sa pag gamit ng konsultasyon online ay sasailalim sa ekslusibong jurisdiction ng Tokyo District Court bilang court ng first instance.

Organisasyon para saTechnical Intern Training
Guidance at Assistance Department